

Karaniwang Mga Isyu sa Karapatang Sibil

Pinapatupad ng Dibisyon ng Karapatang Sibil ang mga pederal na batas na nagpoprotekta sa mga tao. Ang mga batas na ito ay lapat sa maraming mga enggaste. Kabilang dito ang:

- Trabaho
- Paaralan
- Pagpapabahay
- Pagboto
- Mga tindahan at negosyo
- Mga pampublikong lugar
- Mga pampublikong benepisyo
- Mga serbisyo ng gobyerno
- At iba pa

Pinoprotektahan ng mga batas na ito ang mga tao mula sa diskriminasyon batay sa maraming mga kadahilanan. Kabilang dito ang:

- Lahi/Kulay
- Pambansang lahi
- Wika
- Kasarian
- Kapansanan
- Relihiyon
- Katayuan sa Imigrasyon at Pagkamamamayan
- Katayuan sa Pamilya
- Edad
- Katayuan sa Pagkamiyembro ng serbisyo
- Impormasyong Genetic

Pinatutupad din namin ang mga batas na nagpoprotekta sa mga tao mula sa pangangalakal ng tao, maling pagpapatupad ng batas, at mga krimen sa poot.

Paano Magbigay-ulat ng Paglabag sa Karapatang Sibil

Kung ikaw o ibang tao ay nakaranas ng diskriminasyon:

- **Tumawag sa 1-855-856-1249 o (202) 514-3847.** Sinasagot namin ang telepono sa pagitan ng 9 ng umaga at 5 ng hapon, Oras ng Silangan, Lunes hanggang Biyernes.
- **Pindutin ang numero 9 upang makakuha ng tulong sa iyong wika.** Mararating mo ang isang awtomatikong mensahe. Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles o Espanyol, pindutin ang numero 9 para sa tulong.
- **Kung tumatawag ka sa oras ng negosyo** – sabihin sa operator kung anong wika ang iyong sinasalita at hintayin kaming kumonekta sa isang tagasalin.
- **Kung inabot mo ang voicemail ng lampas sa oras** - sabihin ang iyong pangalan, wika, at numero ng iyong telepono kung magagawa mo. Kung hindi man, tumawag muli sa aming oras ng negosyo.